## Mga nilalaman:


Papag-alabin ang apoy ng digmang bayan sa Palawan!- **P3**

PCSD: lisensya ng sabwatan- **P6**

Antonio Bautista Air Base- **P8**

Taytay, inabot ng oil spill- **P9**

Matuto sa kasaysayan:bakas ng PQMI- **P10**

Mga grupong anti-mina, nagbarikada- **P11**

Mga mangingisdang Palaweno, hinaras- **P12**

Kultura- **P13**


# Ang Pulang Larangan


TOMO VIII BLG.1 REBOLUSYONARYONG PAHAYAGANG MASA SA PALAWAN ENERO-MARSO 2023




## Palayasin ang mapangwasak at mapandambong na mga proyekto sa Brooke’s Point at buong Palawan!

Sumambulat ang galit ng mga Palaweño pagpasok ng taong 2023 matapos malamig na salubungin ang bagong taon sa gitna ng malawakang pagbaha sa timog, partikular sa bayan ng Brooke’s Point. Ang napakalaking bahang rumagasa sa Brooke’s Point at nagpalubog sa buong bayan ay isang penomenon na ngayon lamang dinanas ng mamamayan ng nasabing bayan. Hinigitan pa nito ang pinakamalalang pagbaha sa kasaysayan ng Palawan noong 1970.

Hindi rin pangkaraniwan para sa mga taga-Brooke's Point ang ganitong klase ng kalamidad laluna't hindi nadadaanan ng bagyo ang timog ng lalawigan. Para sa mga katutubong Palaw'an, Tagbanwa, Tao't bato at Molbog, protektado sila ng matataas na bundok laban sa mga bagyo.


Naapektuhan ng pagbaha ang 11, 247 pamilya sa 18 barangay sa Brooke's Point. Pinalubog nito ang mga kabahayan at kabuhayan ng 18,478 pamilya na may 74,400 indibidwal, katumbas ng 61% ng populasyon ng bayan. Sa isang ulat ng *local engineering office*, umabot sa 48 imprastruktura ang nasira na may tinatayang halagang P28.56 milyon. Kasamang inilubog ng baha ang malawak na taniman—palayan, sagingan at niyugan, na puminsala sa *food basket* ng lalawigan. Ang matinding pinsalang ito'y lalong naglugmok sa mga Palaweño sa labis na kahirapan, isang panibagong unos na dumagan pa sa kahirapang dulot ng implasyon. Alam ng mga taga-Brooke's Point kung sino ang dapat nilang sisihin sa pangyayari—walang iba kundi ang mga kumpanya ng pagmimina at mga kasabwat nilang burukrata-kapitalista sa reaksyunaryong gubyerno na kumalbo sa kanilang kagubatan at nagpahina sa pundasyon ng lupang saluhin ang malaking bolyum ng tubig bunga ng ilang linggong tuluy-tuloy na pag-ulan.

Kung gaano kabilis naituro ng mga Palaweño ang kanilang daliri sa mga kapural ng krimen, ganundin kabilis ang pagtatakip at pagtatanggol ng mga ahensya at lokal na reaksyunaryong gubyerno, sa mga kumpanya ng minang dekada nang nagsasagawa ng operasyon sa lalawigan. Nagkakabuhul-buhol ang dila nila dahil sadyang hindi maitago ang katotohanan sa laki ng pinsalang idinulot nito. Bukod sa mga kabahayan at sakahang pinalubog ng baha, nalantad ang kapabayaan ng mga kumpanyang ipatupad ang mga hakbangin sa responsableng pagmimina sa naiulat na tumataas na kontaminasyon ng *laterite* sa mga ilog. Ang pagtaas ng kontaminasyon ng *laterite* ay sumisira sa produktibidad ng lupa para sa pagtatanim, habang nilalason naman ang mga hayop sa ilog.

Sing-aga ng dekada 1960 nang nagsimula ang malawakang pamumutol ng puno sa lalawigan tulak ng unti-unting pagkasaid ng kagubatan sa Luzon at Mindanao. Pagdating ng dekada 1980, halos lahat ng kagubatan sa Palawan ay saklaw na ng konsesyon sa *logging*. Ang Pagdanan Timber Products Inc. (PTPI) ang pinakamalaking konsesyunero ng *logging* sa lalawigan na sumaklaw sa 96,925 ektarya sa bahaging hilagang-kanluran. Ito ang isa sa matinding nanalasa sa pagkalbo ng malawak na kagubatan ng Palawan.

Halos kasabayan ng *logging* ang operasyon ng Palawan Quicksilver Mines Inc. (PQMI) sa Puerto Princesa mula 1956. Ang 20 taong operasyon nito ang nagwasak sa malaking bahagi ng kalupaan ng syudad na hanggang ngayo'y pasakit pa ring pinapasan ng mamamayan doon. Samantala, noong 1967 hanggang dekada 1970 naman nagsimula ang eksplorasyon ng mina para sa *nickel* sa katimugang bahagi ng lalawigan sa pangunguna ng Japan-based na Nippon Mining Company sa Brooke's Point at Filipino-Japanese na kumpanyang Rio Tuba Nickel Mining Corporation (RTNMC) sa Bataraza. Ang mga ito ang nagpasimula ng operasyon ng mga dambuhalang kumpanya ng mina sa timog matapos ipatupad ang Mining Act of 1995 na nagbigay-laya sa malakihan at mapaminsalang mina.

Mula 2001-2020, naitala ng Global Forest Watch ang Palawan bilang may pinakamalawak na pamumutol ng mga puno na umaabot sa 163,000 ektarya. Pinakamatindi ito sa timog na bahagi ng Palawan kung saan nakakonsentra ang signipikanteng bilang ng mga dambuhalang minahan. Kabilang sa mga ito ang RTNMC at Coral Bay Nickel Corporation sa Bataraza; Ipilan Nickel Corporation, Macro Asia Mining Company at Citinickel Mines and Development Corporation sa Brooke's Point; Narra Nickel Mines and Development Corporation sa Narra; Pyramid Hills Mining and Industrial sa Sofronio Española; at Berong Nickel Corporation sa Quezon. Sa Brooke's Point pa lamang, tatlong kumpanya na ng mina ang nagwawasak sa malaking bahagi ng paanan ng Mt. Gantong at Mt. Matalingahan. Sa bayan naman ng Bataraza, tinatayang aabot sa 52% ng kagubatang saklaw nito ang nakakalbo na dahil sa malawakang pamumutol ng puno ng mga



kumpanya ng mina. Sa kabila nito, ipokritong ipinagbawal ng lokal na gubyerno ang operasyon ng maliliit na minahan sa bahaging norte ng lalawigan mula 2008.

Higit pang binigyang-laya ng rehimeng US-Duterte ang pagpasok ng malakihang pagmimina sa lalawigan matapos alisin ang moratoryum sa bagong mga kasunduan sa mina noong Disyembre 2021. Kasunod nito ang pag-alis sa ipinatupad na ban sa *open-pit mining* na idineklara noong 2017. Sa Brooke's Point pa lamang, plantsado na ang pagbabalik-operasyon ng INC at MMC matapos pahintulutan at bigyan ng permit ng mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno. Garapal at tusong hakbangin ng mga ahensyang Department of Environment and Natural Resources, National Commission on Indigenous Peoples at Mines & Geosciences Bureau kasabwat ang lokal na gubyerno ng lalawigan ang operasyon ng mga nasabing kumpanya sa kabila ng katatapos na kalamidad at sa gitna ng malawakang pagtutol ng mga tao. Tiyak na higit pa itong dadami dahil sa mga patakaran ng rehimen. Sa 46 *mining tenements* ng 37 kumpanya sa buong timog Palawan, pito dito ang sa Brooke's Point. Pagmamay-ari ang mga ito ng limang kumpanya at sumasaklaw sa halos 12,000 ektaryang lupain ng bayan.

Korapsyon at pabor ng dayuhan at lokal na malalaking burgesya kumprador ang habol ng reaksyunaryong gubyerno kaya't hindi nito masawata ang mapaminsalang operasyon ng mina sa buong bansa. Kung tutuusin, napakaliit ng ambag nito sa paglago ng ekonomya. Umabot lamang sa 1.3% ng *gross domestic product* (GDP) ng bansa ang iniambag ng mina at operasyong quarry kumpara sa ambag ng agrikultura na 9.6% nitong 2022. Isa pa, dahil ekstraktibo lamang din ang katangian ng industriya ng mina sa bansa, hindi ito nangangailangan ng maraming trabahador kumpara sa agrikultura. Ang malalaking kita sa mina ay tinatabo ng malalaking kumpanya at ipinansusuhol sa mga burukrata-kapitalista sa reakyunaryong gubyerno mula antas-pambansa hanggang lokal. Partikular ang Global Ferronickel Holdings, Inc. (FNI) na kumpanyang nagpapatakbo sa INC ay tumaas ang kita nang 68.9% nitong 2021 mula P1.54 bilyon tungong P2.61 bilyon.

Samantala, ayon mismo sa ulat ni dating MGB Dir. Leo Jasareno, halos kalahati ng mga nag-oopereyt na minahan ng *metal* sa bansa ay lumalabag sa mga patakarang pangkalikasan. Ang mga paglabag na ito at kakulangan ng istriktong pagpapatupad ng gubyerno ng mga hakbanging pangkalikasan ay nagdulot na ng mga sakuna. Kabilang dito ang *mercury poisoning* ng PQMI sa Puerto Princesa City, pagwasak ng CMDC sa mga palayan at palaisdaan sa Narra at pagkontamina sa dalawang ilog sa Sofronio Española.

Malaon nang nakikibaka ang mamamayan ng Brooke's Point at ng buong lalawigan sa mapaminsalang mina. Mula nang umarangkada ang Mining Act, tuluy-tuloy silang kumilos para ito'y tutulan at labanan. Pinakamalalaki sa mga pagkilos na ito ang protesta noong 2009 na dinaluhan ng 15 barangay ng Brooke's Point bilang pagtutol sa operasyon ng INC at MMC; protesta ng 1,000 mamamayang Palaweño sa Puerto Princesa City para igiit ang pagtutol nila sa malakihang pagmimina kasabay ng isang taong anibersaryo ng pagpaslang kay Dr. Gerry Ortega noong 2012; at kilos-protesta ng 1,000 taga-Brooke's Point nitong Hunyo 2022. Nagtutuluy-tuloy pa rin ang kanilang pagkilos hanggang sa kasalukuyan, pinakahuli ang barikadang itinayo nila sa harap ng *mining site* ng INC sa Brgy. Maasin nitong Pebrero 21 para pigilan ang operasyon ng nasabing kumpanya.

Ang mga pagkilos na ito ay sinuportahan ng rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan. Katunayan, noong 2010, bilang tugon sa malakas na panawagang labanan at patigilin ang mapaminsalang operasyon ng mina sa lalawigan, inilunsad ng BVC-NPA Palawan ang reyd-pamamarusa sa INC at MMC. Noong 2016 naman sinunog ng isa pang yunit ng BVC ang mga *heavy equipment* ng Citinickel at tatlong kumpanya ng *oil palm* na sangkot sa pangangamkam ng lupa ng mga katutubo.

Makatarungan ang inilulunsad na pagkilos ng mamamayan ng Brooke's Point laban sa operasyon ng mapaminsalang mina sa kanilang bayan. Ang labang ito ay hindi lamang laban ng mga katutubo at magsasaka kundi ng lahat ng mamamayang api. Hindi sila nagpatinag sa mga panggigipit, pananakot at presyur ng kumpanya at matapang na iginiit ang kanilang karapatan at kagalingan. Kaya naman umani ito ng malawak na suporta ng mamamayan sa buong lalawigan at bansa, mga grupong makatao at makakalikasan, maging ng mga makabayang pulitiko. Dapat higit pang suportahan ng lahat ng mamamayan ang panawagan laban sa dayuhan at dambuhalang mina at iba pang mapaminsalang proyekto sa bansa.

Nararapat na igiit ang pagpapanagot at pagpapalayas sa lahat ng mapandambong at mapanira sa kalikasang mga proyekto tulad ng mina at *logging*. Kasabay nito, dapat singilin ang kriminal na pananagutan ng mga reaksyunaryo't burukratang tulad ni JCA, Socrates, Reyes, Mitra at iba pang nagpasasa at pangunahing nakinabang sa mga proyektong ito. Dapat paigtingin pa ng mamamayan ang kanilang pakikibaka at patuloy na palakasin ang kilusan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Dapat palakasin ang armadong pakikibaka na tanging makagagapi sa saklot ng imperyalismo at lahat ng reaksyon sa buong bansa. Sa pagbagsak lamang ng tatlong salot—ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo, at pagtatag ng demokratikong estadong bayan matitiyak ng sambayanan na mapangangalagaan at malilinang ang likas na rekurso ng bansa para sa kapakinabangan ng mayorya ng mamamayang Pilipino. APL

PULANG GIYA

*Pahayag ni Leona Paragua para sa ika-54 anibersaryo ng BHB*
*Tagapagsalita*
*National Democratic Front of the Philippines-Palawan*
*Marso 29, 2023*

# Papag-alabin ang apoy ng digmang bayan sa Palawan! Pakamahalin ang Bagong Hukbong Bayan!

Taas-kamaong nagpupugay ang National Democratic Front of the Philippines-Palawan sa pagdiriwang ng ika-54 anibersaryo ng New People's Army. Mula nang ito'y itatag ng Communist Party of the Philippines (CPP) noong Marso 29, 1969, muling nagkaroon ang mamamayang Pilipino ng sarili at tunay nilang hukbo. Hawak ang pangkalahatang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba, epektibong kumilos at lumaganap ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan.

Sa Palawan, hindi naging madali ang mga pagsisikap para ipundar ang kilusang rebolusyonaryo sa probinsya. Pinangibabawan ng magigiting na pundadores ng kilusan sa pamumuno ng Komite Sentral at Komiteng Rehiyon sa TK ang maraming limitasyon sa pagkilos rito—kalayuan sa iba pang bahagi ng rehiyon, panganib ng sakit na malaria at may hiwalay na pwersa na isang buong *area command* ng AFP, ang Western Command (WESCOM) na nakapakat rito. Pero hindi ito naging hadlang sa matagumpay na pagpupunla at pag-ugat ng Partido at hukbo sa probinsya. Mula sa isang pangkat para sa pagsisiyasat noong 1980, nailatag ang kauna-unahang sonang gerilya sa probinsya. Pagsapit ng dekada 1990, nabuo ang komiteng distrito at higit na nakapagpalawak ang rebolusyonaryong kilusan. Dulot ng sunud-sunod na atake ng kaaway, pansamantalang naiwan ng Hukbo ang probinsya sa mga taon ng 1992-94.

Sa diwa ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido, muling nabalikan ang probinsya at napakatan ng yunit ng Hukbo noong 1994. Binuo ang dalawang yunit ng hukbo na kumilos kapwa sa norte at timog ng probinsya. Sa kasunod na taon ng 1995, naitayo na ang komite ng Partido sa buong probinsya na namuno sa lahatang-panig na pakikibaka sa Palawan. Agad itong tinugon ng kampanyang kitlin-sa-usbong ng Western Command (WESCOM) at ipinatupad ang Oplan Galugad noong 1997. Dumanas ng sunod-sunod na mga di-plinanong labanan ang mga yunit ng Hukbo pero magiting nila itong hinarap. Pagdating ng 2003 muling pinalakas ng sentro ng Partido sa rehiyon ang yunit ng hukbo sa probinsya sa pamamagitan ng karagdagang reimporsment.

Tuluy-tuloy na lumawak at sumulong ang komprehensibong gawain sa probinsya laluna sa mga taon ng 2009-2012. Nailunsad ng mga yunit ng NPA ang matutunog na taktikal na opensiba kabilang ang reyd sa kumpanya ng Ipilan Nickel Corporation sa Brooke's Point bilang tugon sa hinaing ng mamamayan laban sa mina noong 2010 at ang reyd sa Roxas Municipal Police Station noong 2012, at ang reyd sa Queen Bay sa San Vicente at Dumaran bilang suporta sa hinaing ng mga manggagawa para sa makatarungang pasahod noong 2013.

Resulta nito, lalong niyakap ng masang Palaweño ang demokratikong rebolusyong bayan at mahigpit na sumalig sa pakikibakang bayang pinamumunuan ng Partido. Magkatuwang ang baseng masa mula norte hanggang timog sa pagpapaputok ng mga laban ng magsasaka, katutubo, mangingisda, manggagawa, mala-manggagawa, at iba pang aping sektor sa probinsya. Kasabay nito ang paglulunsad ng maimpak na mga taktikal na opensiba ng mga yunit ng NPA sa probinsya. Tuluy-tuloy na nakapagpalakas ang hukbo at napalaki nito tungong isang kumpanya ang dating maliit na platun noong 2016 at muling nabalikan ang ilang naiwang baseng militarisado ng kaaway.

Hindi naglubay ang kaaway sa pangunguna ng WESCOM at lokal na reaksyunaryong gubyerno sa pagsupil sa lumalakas na pakikibakang bayan sa buong probinsya. Ngunit sa kabila nito, nanatiling matatag ang rebolusyonaryong kilusan sa isla na patuloy na umani ng malawak na suporta ng mamamayan. Higit pang sumaklaw ang latag ng gawain. Sa

**Ang Pulang Larangan**

*Ang* ***Ang Pulang Larangan*** *ay ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Palawan.*

*Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lalawigan ng Palawan sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.*

*Bukas ang pahayagang ito sa mga pagwawasto, komentaryo, mungkahi at ambag na lathalain.*




bawat pag-atras ng mga yunit ng hukbong tinutugis ng militar, nabubuo ang mga saligang organisasyong masa sa iba't ibang antas. Nagsalimbayan ang mga putok ng matatagumpay na taktikal na opensiba at aksyong pamamarusa laban sa mga sagad-saring elemento ng reaksyunaryong armadong pwersa ng estado.

Sa ilalim ng JCP-Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte, dinanas ng hukbong bayan at buong kilusang rebolusyonaryo sa probinsya ang pinakamatinding ganting-salakay ng kaaway mula 2019. Nagtamo ito ng malalaking pinsala laluna matapos mapaslang ang mga pangunahing kadre nito noong 2020 at 2021. Pero hindi natinag ang determinasyon ng Partido at hukbo sa isla dahil hawak nila ang malawak na suporta ng mga Palaweño.

Sa loob ng napakahabang panahon, pinanday na at patuloy pang nagpapanday ang rebolusyonaryong kilusan sa probinsya. Dahil malalim nang nakaugat ang Partido at hukbong bayan sa masa, hindi malulupig ang mapanlabang diwa ng mga Palaweño. Batid nilang bahagi ng digma ang mga kabiguan at pag-atras. At dahil wasto at makatarungan ang digmang isinusulong ng NPA at ito ay para sa interes ng malawak na mamamayang api at pinagsasamantalahan, palaging tatanganan ng masa ang armadong pakikibaka bilang pinakamatalas na punyal na tatarak sa puso ng naghaharing sistemang dominado ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Dinilig ng dugo at inspirasyon mula sa buhay ng magigiting na martir at bayani ng rebolusyon, matibay ang determinasyon ng bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryo sa Palawan na isulong ang digmang bayan at mag-ambag sa kabuuang pambansang pagsulong.

Kasalukuyang hinaharap ng mga Palaweño ang napakatinding krisis na bunga ng lubusang pagkabulok ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Lalo itong lumalala sa gitna ng matinding krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalismo na nagtutulak sa mga imperyalistang kapangyarihang mag-agawan ng teritoryong paglalagakan ng sarplas na kapital at kalakal at pagkukunan ng mga hilaw na materyales at murang lakas-paggawa. Ang pagtindi ng ribalan partikular sa pagitan ng US at EU sa isang panig at ng China-Russia sa kabilang-panig ay naglalagay sa mamamayang Pilipino na maipit sa inter-imperyalistang digmaan. Lalo nitong itinutulak ang pagpapalakas-militar at panghihimasok ng US sa bansa. Tinutugon ito ng rehimeng US-Marcos-Duterte ng labis na pangangayupapa at pagpapaubaya sa teritoryal na integridad at soberanya ng bansa sa kapinsalaan ng mamamayang Pilipino.

Nagkakaanyo ito sa Palawan ng ibayong pagpapasok ng mga dayuhang pamumuhunan sa mina, turismo at mga agro-korporasyon at mas madalas na pagsasanay at presensyang militar ng US sa iba't ibang bahagi ng probinsya. Dalawa sa limang base militar ng US sa bansa ay nasa Palawan, ang Naval Station Carlito Cunanan sa Ulugan Bay at ang Antonio Bautista Air Base, kapwa sa kapitolyo ng probinsya, sa Puerto Princesa City. Sa Palawan din itatayo ang isa sa limang dagdag na kampo ng US na pinahuntulutan ni Marcos II na itayo sa Pilipinas. Dislokasyon, kawalan ng kabuhayan, pagkawasak ng kalikasan at panganib ang hatid ng mga ito sa mamamayang Palaweño. Kaya naman lalong dapat silang magbigkis at lumaban para tutulan ito.

Sa okasyon ng ika-54 na anibersaryo ng NPA, dapat ibayong itaas ang determinasyon ng mga Palaweño sa paglaban at tanganan ang armadong pakikibaka para higit na palakasin ang digmang bayan sa buong probinsya. Dapat ibayong palakasin ang Hukbo sa pamamagitan ng pagpapasampa ng pinakamabubuting anak ng Palawan. Dapat tanganan ng mga Palaweño ang aral na tanging ang makatarungang digma ng mamamayan ang magpapabagsak sa kapangyarihan ng nagsasamantala at naghaharing uri at lahat ng reaksyon, at papatid sa gapos ng imperyalismo sa pinakabulok at pinaka-mapangwasak nitong yugto. APL


# PCSD: lisensya ng sabwatan ng mga lokal na naghaharing-uri at dayuhang kapitalista para sa pandarambong sa Palawan

Imposible ang kaunlaran sa gitna ng patuloy na pandarambong at pangwawasak sa kalikasan ng Palawan. Kilala sana ito bilang huling ekolohikal na prontera ng Pilipinas dahil sa taglay na kagandahan ng kalikasan at yamang lupa, yamang tubig at yamang mineral. Kung mapapangalagaan ang kayamanang ito ng probinsya habang mahusay na magagamit ng mamamayang Palaweño para sa tiyak na hanapbuhay, tirahan at pagkain, tiyak sana ang pagtahak sa landas ng kaunlaran ng buong lalawigan.

Gayunman, sa halip na gumampan ng pangunahing papel ang pambansang reaksyunaryong gubyerno at lokal na gubyerno ng Palawan sa pangangalaga ng kalikasan, naging instrumento pa ito upang higit na mandambong ang mga malalaking burgesya kumprador at imperyalistang mga bansa. Liban pa sa mga hungkag at pekeng pambansang polisiyang pangkaunlaran at batas para sa kalikasan, mayroon ding kahalintulad na batas na ipinatutupad eksklusibo para sa probinsya ng Palawan — ang Republic Act No. 7611 o ang Strategic Environment Plan (SEP) ng Palawan na naisabatas noong 1992.

Ang pangangasiwa at implementasyon ng mga patakaran ng SEP ay tutupdin ng binuong Palawan Council for Sustainable Development (PCSD). Magsasabwatan sa loob ng konsehong ito ang gobernador ng Palawan, *commanding general* ng pasistang Western Command (WesCom), mga kongresista, mga kasapi ng Sangguniang Panlalawigan, mga alkalde at punong-barangay, at mga kinatawan mula sa National Economic Development Authority (NEDA), Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Department of Agrarian Reform (DAR). Sa nakaraang mga taon, naging lisensya ang PCSD ng sabwatang Jose Chaves Alvarez (JCA) at Victorino "Dennis" Socrates sa ibayong pandarambong ng yaman ng Palawan para sa sariling kapakinabangan at ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at dayuhang mamumuhunan.

Nagkukubli sa tabing ng makakalikasang pagkukunwa at pagprotekta diumano para sa sustenableng pagkain ng susunod na henerasyon ang PCSD at lokal na gubyerno. Sa katunayan, ang proteksyon na ibinibigay nila ay pabor sa mga naghaharing-uri habang isinisisi sa mga magsasaka at katutubo ang pagkalbo ng kagubatan sa maliit na pagkakaingin nila at sa mga mangingisda sa pagkasaid diumano ng mga yamang-isda sa karagatan. Ipinagbabawal nila sa mamamayan ang mga piling magagandang lugar tulad



ng mga *protected areas* sa Palawan sa ngalan ng preserbasyon ngunit inilalako naman ito sa mga dayuhan sa ngalan ng ekoturismo.

Ayon sa SEP, dapat protektado mula sa paninira ng tao ang mga gubat at tirahan ng kakaibang uri ng hayop at halaman sa Palawan, ngunit, mula 2003 hanggang 2015, nakalbo ang halos 30,000 ektaryang kagubatan nito dahil sa pagtatayo ng mga plantasyon ng *oil palm* at paglaganap ng operasyon ng mina sa Timog Palawan. Dumami ang mga aplikasyon at pinahintulutan ng PCSD na mga *mining permit* kahit sa mga protektadong kagubatan, tulad ng Berong Nickel Corp., Rio Tuba Nickel Corp., at Citinickel Mining & Dev't. Corp. Ni hindi nasusunod ang kagustuhan ng mga komunidad sa bawat proyektong gumugulong sa kanilang barangay dahil sa kakulangan at minsa'y kawalan ng mga konsultasyon sa kanila.

Nakasaad bilang pangunahing probisyon ng batas ng SEP ang lubos na pagbabawal sa komersyal na pagtotroso upang bigyang-daan ang paglago ng mga gubat sa probinsya. Gayunman, higit lamang na kinonsentra ng PCSD ang operasyon ng pagtotroso sa Pagdanan Timber Corporation na kumpanya ni dating gobernador JCA. Sukdulang nakapagpayaman si JCA sa siyam na taong pagiging Chairman ng PCSD bilang tsapa sa pagtotroso habang siya ang gobernador. Pinakamalaki ang pinsala sa kalikasang idinulot ng kanyang pagtotroso sa San Vicente, bukod pa ang pinsala sa mamamayan sa demolisyon ng mga komunidad sa 21 kilometrong Long Beach, ang pinakamahabang *white sand beach* sa Asya, sa grandiyosong ambisyon ni JCA na gawin itong "Next Boracay". Sa ngayon, pag-aari ang ekta-ektaryang mga lupain dito ng mga sikat na pulitiko, artista at mga korporasyon tulad ng SM at Robinsons.

Kontrolado at monopolisado ng malalaking kumpanya ang industriya ng pangingisda at silang pangunahing nakikinabang at sumasaid sa yamang-dagat ng Palawan. Dinemolis ng PCSD, DENR at lokal na reaksyunaryong gubyerno ang panirahan ng mga mangingisda sa baybay-dagat upang magsilbi sa malalaking negosyante na nagmamay-ari ng malalaking hotel at mga resort para sa ekoturismo. Iwinawasiwas nila ang kontra-mahirap na batas na "No Build Zone Policy" na nagbabawal sa lahat ng tirahan 20 metro mula sa naaabot ng alon. Apektado nito ang mga bayan sa Hilagang Palawan tulad ng Taytay, San Vicente at buong Calamianes Group of Island. Sa pamamagitan naman ng mapaniil na batas tulad ng PCSD Administrative Order No. 5 binibigyang restriksyon ang paghuli ng isdang suno o *red* lapu-lapu, ang mayor na kabuhayan ng maraming mangingisda sa Palawan, pinakikitid ang saklaw ng dagat na maaaring pangisdaan at ang dami at uri ng isdang maaaring hulihin, hindi pinapayagan ang pangingisdang walang permit at pinaiikli ang panahon ng panghuhuli ng isda.

Binabali rin ng PCSD ang sarili nitong patakaran sa pag-aalis ng proteksyon sa maraming lugar sa Culion at pagpapaliit sa mga *core zone* nito noong 2018. Garapalan itong ginawa ng PCSD upang bigyang-daan ang dambuhalang pagmimina, pagtatayo ng mga plantasyong agro-industriyal at pagpapalawak ng turismo. Noong 2006, idineklara ng PCSD ang sangkapat ng Culion bilang *core zone* ng mapa nitong Environmentally Critical Areas Network (ECAN) alinsunod sa SEP na dapat ipailalim sa maksimum na proteksyon. Mula 2000 hanggang 2020, nabawasan ang mga puno sa Culion nang 8.8%.

Walang pangil at pawang mga hungkag ang lahat ng mga proyekto at programa ng lokal na reaksyunaryong gubyernong pinaghaharian nina Socrates at JCA, kasabwat ang PCSD, na nagtataguyod diumano ng pangangalaga sa kalikasan at kaunlaran ng Palawan. Sa halip, hinahayaan nila ang mga operasyon ng mga lokal at dayuhang kumpanya sa mina, *oil palm*, troso at ekoturismo na sairin ang yamang lupa, yamang tubig, yamang gubat at yamang mineral at malawakang wasakin ang kalikasan ng probinsya.

Dapat na kalampagin at obligahing umaksyon ang lokal na reaksyunaryong gubyerno at ipanawagan sa mga natitira pang pulitikong mapagmahal sa kalikasan ng Palawan na magpatupad ng mga patakaran para mapreserba ang natitirang yamang likas. Muling buhayin at panumbalikin ang mga bahaging pininsala ng mga mapagsamantalang dayuhan at lokal habang pinananagot ang mga ito. Dapat itong gawin nang hindi nasasagkaan at nasasapanganib ang tuluy-tuloy na kabuhayan ng mamamayang anakpawis. Gayundin, dapat na magkaisang tutulan at labanan ng mamamayang Palaweño hanggang sa mapalayas ang mapaminsalang mga dayuhan at lokal na kumpanyang nagwawasak sa kalikasan ng Palawan. Ang pagpapapalayas sa mga operasyong mina ay karugtong ng pagpapabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa Pilipinas. Ito ang maghahawan ng daan para mawakasan ang kahirapan at siyang susi sa kaunlaran habang pinangangalagaan ang kalikasan. Huwag nating hayaang hindi na kamulatan ng mga susunod na henerasyon ng mga Palaweño ang pagkilala sa Palawan na "huling ekolohikal na prontera" ng Pilipinas. APL

# Antonio Bautista Air Base: matandang base ng imperyalistang US sa Pilipinas

Sa ilalim ng ilehitimong rehimeng US-Marcos- Duterte, sunud-sunod na binisita ng matataas na upisyal ng gubyerno at militar ng imperyalismong US ang Pilipinas upang pahigpitin pa ang kontrol nito sa bansa. Nitong Pebrero 2, bumisita si Lloyd Austin, kalihim ng State Department ng US upang itakda ang apat na bagong magiging *site* ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Nauna pa rito ang pagdating ni US Vice President Kamala Harris para pormal na ipabatid ang intensyon nitong dagdagan ang limang pasilidad o base militar ng US sa bansa para sa mga tropa at gamit militar nito. Popondohan ng US ng $100 milyon ang pagpapabilis sa konstruksyon ng unang limang base militar ng US sa bansa laluna ang Basa Air Base at Fort Magsaysay sa Luzon, at ang Antonio Bautista Air Base (ABAB) sa Palawan.

Ang ABAB ay isang base militar panghimpapawid na matatagpuan sa Puerto Princesa City, Palawan. Mayroon itong isang *runway* na may habang 9,000 pye sa Puerto Princesa Airport. Nakaistasyon dito ngayon ang 570th Composite Tactical Wing ng Philippine Air Force. Sa nakaraan, bumase rito ang mga yunit ng US Army Air Force tulad ng punong-himpilan ng XIII Fighter Command (1945), 42nd Bombardment Group (1945-46), 347th Fighter Group (1945), 419th Night Fighter Squadron (1945-46) at 550th Night Fighter Squadron (1945). Sa kasalukuyan, bagama't pagmamay-ari ito ng bansa, ang tunay na kumokontrol dito ay ang imperyalismong US sa ilalim ng tagibang na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ito ang isa sa dalawang base militar ng US sa Palawan, kabilang ang Naval Station Carlito Cunanan sa Ulugan Bay.

Ang ABAB bilang base militar ng US na nakatayo sa probinsya ay salaminan ng malaon nang pagkakasaklot ng Pilipinas sa kuko ng imperyalistang US. Naging kolonya ang Pilipinas ng US sa loob ng 41 taon mula 1902 hanggang 1942. Matapos ideklara ang huwad na kalayaan sa Pilipinas noong Hulyo 4, 1946, naging malakolonya na ang bansa ng imperyalismong US nang 76 taon. Sa ilalim ng nagpalit-palitang papet na rehimen, nagdikta ang US ng mga kasunduan na nagbigay dito ng basbas para patuloy na magpanatili ng mga base at pwersang militar sa bayan, magmay-ari at makapagpalawak ng mga negosyo dito at patuloy na manghimasok sa papet na gubyerno at armadong pwersa nito. Sa ilalim ng paghahari ng diktador at tuta ng US na si Ferdinand Marcos Sr. at ng noo'y gobernador ng Palawan na si Badong Socrates, pinangalanan itong Antonio Bautista Air Base noong Marso 21, 1975. Noong 2016, pumirma ng kasunduan ang US at Pilipinas upang pahintulutan ang mga pwersa ng US na gamitin ang limang base militar ng US sa bansa, kabilang ang ABAB, bilang pantapat sa agresibong pagdedeploy ng China sa Spratly Islands.



Bagamat matagumpay na napalayas na ang malalaking base militar ng imperyalismong US noong 1991 dahil sa malakas na panawagan ng mamamayang Pilipino laban dito, nakapagpanatili pa rin ang US ng base militar nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga tratado at kasunduang tulad ng 1951 Mutual Defence Treaty (MDT), 1999 Visiting Forces Agreement (VFA), at 2014 EDCA. Malaon nang tinukoy ng US ang krusyal at estratehikong lokasyon ng Pilipinas sa pangmatagalang hegemonya ng US sa Indo-Pasipiko. Kailangan ng US ang Pilipinas para maging lunsaran nito ng mga operasyong militar sa karagatan at himpapawid laban sa China. Ang lokasyon ng mga planong itayong base militar ng US ay nagbibigay rito ng bentahe para sa mabilis na paglulunsad ng mga operasyon sakaling magkaroon ng armadong komprontasyon sa Taiwan o habang nagsasagawa ang US Indo-Pacific Command ng mapanghamong mga "rutinaryong operasyon sa internasyunal na himpapawid" at "operasyon sa malayang paglalalayag" sa South China Sea. Matatandaang noong Disyembre 21, 2022, muntikan nang magbanggaan ang sasakyang panghimpapawid ng militar ng US at China.

Ginagamit ng imperyalismong US, pambansang reaksyunaryong gubyerno at lokal na gubyerno ng Palawan ang ABAB bilang pinakamalapit na baseng panghimpapawid sa pinag-aagawang Spratly Islands para maglunsad ng pagpapatrulya sa himpapawid nito, laluna sa Ayungin Shoal (Second Thomas Shoal). Dito madalas na hinaharangan ng mga pwersang nabal ng China ang pagreresuplay ng maliit na garison ng Pilipinas. Dagdag pa, magsisilbi rin itong bantay para sa potensyal na eksplorasyon ng mga malalaking kumpanya sa enerhiya sa kalapit na Reed Bank. Naganap din sa ABAB ang Balikatan Exercises sa pagitan ng mga pasistang tropang Amerikano at Pilipino noong 2015.

Mahigpit na binabantayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Palawan at buong Pilipinas ang mapanganib na patutunguhan ng estratehikong ribalan ng US at China sa Asya. Dapat ibasura ang mga kasunduang militar na MDT, VFA at EDCA na lalong nagsusubo sa mga Pilipino at iba pang mamamayang maiipit sa digmaan sa tiyak na kapahamakan at kapinsalaan. Dapat na palayasin ang mga pasistang tropa ng imperyalismong US sa Pilipinas at ipagtanggol ang pambansang soberanya ng Pilipinas!

Dapat na ilantad at singilin ang inutil at tutang si Marcos Jr. at Gobernador Dennis Socrates sa pagpapaubaya sa imperyalismong US sa lantaran nitong panghihimasok at pagyurak sa soberanya ng bansa. Hindi kailangan ng mamamayang Pilipino ng dagdag na mersenaryong tropang Amerikano at mga pasilidad militar nito sa bansa. Higit lamang nitong paiigtingin ang tensyon sa South China Sea at sa Taiwan Strait, at hihilahin lamang ang bansa sa armadong tunggalian sa pagitan ng US at China bilang bahagi ng opensibong *first island chain* ng pagkubkob ng magkakasabwat na US, Australia at Japan laban sa China. APL

# Ilang barangay sa Taytay, inabot na ng oil spill galing Mindoro

Kinumpirma ng Philippine Coast Guard (PCG) na narating na ng tumagas na langis o *oil spill* ng lumubog na barkong MT Princess Empress ang mga barangay Casian at Calauag ng Taytay nitong Marso 10 at 12. Nakakulekta na umano ang PCG ng 300 litrong langis sa dalawang lugar hanggang Marso 16 at nagpapatuloy pa ang kanilang paglilinis.



Ang MT Princess Empress ay may kargang 800,000 litrong *industrial fuel* galing Limay, Bataan na napadpad ng hangin sa Romblon hanggang lumubog sa Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 28. Dulot nito, nagdeklara na ng *state of calamity* sa 76 barangay sa siyam na bayan sa Oriental Mindoro: Naujan, Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas, Mansalay at Bulalacao. Nakadagdag na salik sa mabilis at malawak na pagkalat ng langis ang hanging amihan. APL

# Matuto sa kasaysayan: Bakas ng Palawan Quicksilver Mines Inc., ang di maitagong trahedya ng mina sa mismong puso ng probinsya

Kung pag-uusapan ang industriya ng mina sa Palawan, palaging mababanggit ang mga bayan sa timog—ang Bataraza, Brooke's Point, Quezon at Narra. Pero marami na ang di nakakaalam, at maaaring marami na rin ang nakalilimot, na 47 taon ang nakalilipas, minsang minina ang puso at tanging lungsod ng probinsya, ang Puerto Princesa para makakuha ng *mercury* o asoge.

Dalawampung taong nag-opereyt ang Palawan Quicksilver Mines Inc. (PQMI), pagmamay-ari ng Marsman & Company Inc. (ngayon ay Marsman-Drysdale Group) sa Puerto Princesa mula 1956. Sa panahong ito, nakakuha ang kumpanya ng 2,900 toneladang *mercury* at aabot sa dalawang milyong *mineral ores* ang itinapon sa Honda Bay. Pag-alis nito noong 1976, iniwan din nito ang kanyang responsibilidad at pananagutan sa pinsalang idinulot nito sa kalikasan at buhay ng mamamayan. Sa sobrang lawak ng kanyang operasyon, nakabuo ng malawak na banlik sa baybayin ng Honda Bay ang *mine tailings* nito na tinirikan na ng ilang bahay. Pagsapit ng 2017, sasambulat ang misteryosong kaso ng pagkakasakit ng mga residente. Ang mga biktima ay siya ring mga residenteng umokupa sa inabandonang sayt ng mina pagkaalis ng PQMI, sa baybaying mga barangay ng Sta. Lourdes at Tagburos. Marami sa kaso ng pagkakasakit ang katulad ng sakit na Minamata[1] o karaniwang sakit na nakukuha sa *mercury*—gingivitis, pagbabago ng kulay ng gilagid, sakit sa baga, sakit ng ulo, *palpitation*, kahirapang matulog, pagka-makakalimutin atbp. Pinangangambahan pang ang mga napaulat na kaso ng pagkamatay at mga kulang-kulang na bahagi ng katawan ng mga batang isinisilang mula nang magsimula ang mina ay maisisisi sa *mercury poisoning.*

Matutuklasan lamang na biktima sila ng *mercury poisoning* matapos ang mga pagsusuri at pag-aaral. Aabot sa 70 sa 90 residente ng nabanggit na komunidad ang nagpositibo sa *mercury poisoning* ayon mismo sa ulat ng City Health Office. Mas maaga pa, ayon sa pag-aaral na isinagawa ng mga estudyante ng Palawan State University na napakataas ng antas ng *mercury* sa Brgy. Sta. Lourdes at lagpas sa pamantayan ng normal na dami nito, pero hindi ito batid ng mga residente. Katunayan, pangunahing pinagmumulan ng kanilang pagkain at kabuhayan ang lupa at mga ilog sa paligid ng abandonadong mina. Ang iniwang tatlong ektaryang hukay ng PQMI na kalauna'y napuno ng tubig at lumikha ng isang artipisyal na lawa ay ginawang pangisdaan ng mga residente at pinakawalan ng tilapia. Direkta rin itong umaagos sa Honda Bay sa pamamagitan ng Ilog ng Tagburos.

Hanggang ngayon, isang malaking hamon para sa mga pambansang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno, maging sa lokal ang paglilipat sa mga residente. Kahit pa naglabas na ng kautusan ng paglilikas ang Department of Health at Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong 2017, hindi pa rin ito buu-buong naipatutupad ng lokal na gubyerno bunga ng kakulangan ng mahusay na programa para sa kabuhayan ng mga residente. Mas malaking hamon naman para sa kanila ang pagpapanagot sa kumpanyang PQMI. Nangako si dating DENR Secretary Roy Cimatu na magsasampa sila ng kaso laban sa kumpanya noong 2017 pero hanggang ngayon ay wala pang balita kung umabante na ito.

Kung tutuusin, ang malalang epekto ng operasyon ng PQMI ay higit pang pinatindi ng sabwatan ng inutil na reaksyunaryong gubyerno at kumpanya. Napakatagal nang tumigil ng operasyon ng PQMI pero hindi nagawa ng lokal na gubyerno ng probinsya at syudad na tiyaking hindi maapektuhan ang mga residente at kanilang kabuhayan. Ang mas masaklap hanggang ngayo'y nagpapatuloy ang operasyon ng iba't ibang kumpanya ng malalaking mina sa probinsya.



1 Ang Minamata disease ay ipinangalan matapos ang Minamata Disaster sa Japan, kung saan ang mga residenteng nakatira sa lugar ay nalason ng *mercury* dahil sa mga itinapong kemikal ng isang pribadong kumpanyang nag-oopereyt sa Minamata Bay.

# Grupong anti-mina, nagbarikada sa Brooke's Point

Nagbarikada ang mamamayan sa pangunguna ng Alyansa Tigil Mina sa *hauling road* sa harap mismo ng *camp site* ng Ipilan Nickel Corporation (INC) sa Brgy. Maasin sa bayan ng Brooke's Point noong Pebrero 18. Bandang 7:00 ng umaga nang magsimula ang barikada sa pamamagitan ng paglalagay ng tali at mga bakod na kawayan sa magkabilang daan.

Nagkampo rin ang iba't ibang grupo at nagsagawa ng *candle lighting* at *prayer rally* kinagabihan.


Ang lokal na pagkilos laban sa mina ay karugtong ng tuluy-tuloy na pakikibaka ng mga residente laban sa operasyon ng mga dambuhalang mina na pumipinsala sa kalikasan. Suportado ng lokal na gubyerno ng Brooke's Point ang isinagawang barikada. Makalipas ang apat na araw, in*extend* ni Brooke's Point Mayor Cesario Benedicto Jr. ang permit ng mga residente hanggang Pebrero 28. Nanawagan din si Benedicto sa pambansang gubyerno at mga ahensya nitong tugunin ang kanilang panawagan at humakbang laban sa INC.

Nanawagan naman ang NDFP-Palawan na suportahan ang panawagan ng mamamayan ng Brooke's Point laban sa operasyon ng INC. Aniya, "dapat kilalanin na ang dekada nilang pakikibaka laban sa INC at iba pang kumpanya ng mapaminsalang mina sa kanilang bayan ay naglalayong pangalagaan ang buhay, kabuhayan at kalikasan ng bayan at lahat ng nakasalalay dito."

Malayo sa inaasahan ang tugon ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) noong Pebrero 23. Sinusugan nito ang eks-klusibong karapatan ng INC para magmina sa Palawan. Bunga nito, nagpatuloy ang protestang inilunsad ng mamamayan.Sa kabila ng kaliwa't kanang maniobra ng kumpanya para ipatigil ang protesta, nangako ang mga taga-Brooke's Point ng pagpapatuloy ng kanilang pagkilos para tutulan at labanan ang operasyon ng mina na may mapaminsalang epekto sa kanilang lugar.






# Macroasia Mining Corp., pinagkalooban ng NCIP certification

Ipinagkaloob ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) noong Pebrero 8 ang *certification precondition* para sa Mining Project (MPSA-220-2005-IVB) sa Macroasia Mining Corp. (MMC). Ang *certification precondition* ay pahintulot na ibinibigay ng NCIP sa mga kumpanya na mag-opereyt matapos makuha ang Free, Prior & Informed Consent (FPIC) mula sa mga apektadong sektor o grupo ng mga katutubo.

Matatandaang nilinlang ng mga kumpanyang MMC at Ipilan Nickel Corporation ang mga katutubong Palaw'an para sumang-ayon sa FPIC noong Hunyo 2022. Bago ito, inaprubahan na rin ng Department of Environment and Natural Resources ang *deeds of assignment* o pagkakaloob ng dalawang *mineral production sharing agreement* (MPSA) o kontrata sa pagmimina noong Abril 2021. Saklaw ng mga ito ang aabot sa 1,113.98 ektaryang lupain sa loob ng lupang ninuno ng mga katutubong Palaw'an sa mga barangay ng Ipilan, Mambalot at Maasin sa Brooke's Point.

## Mga mangingisdang Palaweño, muling hinaras ng China

Itinaboy ng mga Chinese Coast Guard (CCG) na nakasakay sa barkong CCGV 5204 ang mga mangingisdang Palaweño sa Ayungin Shoal noong Enero 9. Sakay ng bangkang FFB Ken-ken ang mga mangingisda nang sila ay lapitan at itaboy ng CCG sa Ayungin Shoal. Ang insidente ay iniulat ni Lito Al-os, kapitan ng FFB-Kenken, sa Philippine Coast Guard (PCG) noong Enero 20.

Sa halip na kagyat na tugunan ang reklamo ng mga mangingisda, sinabi ng PCG na maglilikom pa ito ng mga dagdag na ebidensya. Ito ay sa kabila ng nakunan ng *video* ng PCG ang insidente at in-*upload* pa sa *social media.* Binatikos sila sa kawalang aksyon para ipagtanggol ang mga mangingisda. APL

## Ilang bayan sa Timog ng Palawan, niyanig ng malakas na pagsabog

Muling niyanig ng malakas na pagsabog ang mga residente ng Bataraza at Rizal matapos ang pagbagsak ng isa na namang di matukoy na bagay mula sa himpapawid noong Enero 7 ng gabi.

Sampung araw bago maganap ang nasabing pagsabog, inianunsyo ng Civil Aviation Authority of the Philippines ang pagsasara ng ilang ruta ng nabigasyon sa himpapawid sa probinsya sa antisipasyon ng pagbagsak ng panibagong *rocket* na inilunsad ng China. Ayon sa anunsyo ng CAAP, tinatayang babagsak ang di nasunog na *debris* ng *rocket* ng China sa isang itinalagang bagsakang lugar sa saklaw ng Recto bank, bandang 137 km mula sa Ayungin Shoal at 200km mula sa bayan ng Quezon. APL

## Paggunita sa araw ng pagpaslang kay Gerry Ortega, isinusulong na gawing pamprobinsyang ordinansa

Isinusulong sa Sangguniang Panlalawigan na ideklara ang Enero 24 bilang araw ng paggunita sa kamatayan ng *environmentalist* at *broadcaster* na si Gerry Ortega. Sa ginanap na *regular session* ng Sangguniang Panlalawigan noong Enero 24, ay nagpasa ng panukala si Board Member Ryan Maminta na isabatas ang pagdeklara ng araw ng pagpaslang kay Ortega bilang "Gerry Ortega Memorial Day."

Si Gerry Ortega na mas kilala bilang Doc Gerry o Ka Gerry ay pinaslang noong Enero 24, 2011 dahil sa kanyang adbokasiya laban sa dambuhala at mapaminsalang mina at korapsyon sa ilalim ng noo'y gubernador ng Palawan na si Joel Reyes. Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines, "mahigit isang dekada makalipas ang kanyang pagkamatay ay hindi pa rin nakakamit ang hustisya". Bagama't sinampahan na ng kaso ang magkapatid na Reyes, nananatili silang malaya at nakatakbo pa sa eleksyon si Joel Reyes nitong Mayo 2022 bilang gubernador ng Palawan. APL

## Palawan, tatayuan ng panibagong base militar ng US

Inianunsyo ni US Defense Secretary Lloyd Austin, kasabay ng pagbisita sa Pilipinas noong Pebrero 2 ang kasunduan sa pagitan ng imperyalistang bansa at papet na gubyernong Marcos II na pagtatayo ng karagdagang mga base militar sa bansa kabilang ang Palawan. Gamit ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), ginawang lehitimo ng kolonyal na sabwatan ang iligal na okupasyon at pagbabaseng militar ng US sa bansa sa gitna ng pang-uupat ng gyera ng US sa China sa Indo-Pacific. Dati nang may umiiral na dalawang base militar ang US sa bansa sa pamamagitan ng EDCA, ang Naval Station Carlito Cunanan (NSCC) at Antonio Bautista Air Base sa Puerto Princesa City.

Samantala, nitong Pebrero 8-10, inilunsad ang taunang Marine-to-Marine Staff Talks sa Puerto Princesa City sa pagitan ng Philippine Marine Corps at US Marine Corps Forces Pacific (MARFORPAC). Ang taunang pulong na ito ng matataas na opisyal militar ng dalawang panig ay nakapatungkol umano sa pagtitiyak ng panrehiyong seguridad sa Indo-Pacific. Matapos ito ay binisita ni William Jurney, kumander ng MARFORPAC, ang NSCC sa Oyster Bay sa loob ng Ulugan Bay. Layunin umano nitong palakasin pa ang palitan ng kaalaman sa pagitan ng Philippine Marines at militar ng U.S. APL



# KULTURA

## *Handog sa dakila*

ni Ka Zac

*Kulang ang mga salita para ilarawan ang iyong pagkadakila*
*kaya ito'y aming tutugunin ng gawa*
*ng puspusang pagsisilbi at pakikibaka*
*itutuloy at isusulong pinasimulan mong digma*

*Salamat sa diwang iyong ipinunla*
*patuloy na pinukaw at iyong inahita*
*hanggang maiangat tungong isang Digma*
*ng demokrasya't paglaya ng lahat ng uring dinusta*

*Mga turo at alaala mo'y sa isip nakaukit*
*ng masang hikahos, nagdurusa sa pasakit*
*dakilang teorya at praktikang iyong ipinamana*
*patuloy na yayakapin isasalin sa gawa*

*Ang ipinamalas mong determinasyon*
*sya namin ngayong matatag na pundasyon*
*ng pananatili at pagtugon sa gawai't hamon*
*sa gitna ng matindi, mahirap na sitwasyon*

*Malungkot kaming hindi ka na nakauwi*
*para ihimlay ka sa bayang buong buhay kang nagsilbi*
*pero ang 'yong diwa't pagmamahal sa masang Pilipino*
*malaon nang pumukaw saming makauring pagkamuhi*

*Naulila ang bayan sayong pagpanaw*
*pero tiniyak mo nang darating ating araw*
*hawak namin ngayong rebong optimismo*
*sa paniniyak mong mananalo tayo*

*Hindi magmamaliw kinang ng 'yong ningning*
*tulad ng liwanag na hatid ng mga bituin*
*sa gitna ng dilim, ito ang tanglaw namin*
*kaya't ang tagumpay tiyak na mararating.*

